



### Ina-update at pinapahaba ng Lungsod ng Brampton ang Ordinansa na Brampton COVID-19 Mandatoryong Face Mask nito

BRAMPTON, ON (Hunyo 17, 2021) – Sumusunod sa payo ng Peel Public Health, in-update at pinahaba ng Lungsod ng Brampton ang Ordinansa na Brampton COVID-19 Mandatoryong Face Mask hanggang Setyembre 30, 2021.

Sa ilalim ng Ordinansa na COVID-19 Mandatoryong Face Mask, ang mga hindi medikal na mask ay iniuutos sa lahat ng indoor na pampublikong espasyo sa Brampton. Dati, ang mga scarf, bandana, neck gaiter o neck warmer at mask na may exhalation valves ay tinatanggap na uri ng mga pantakip ng mukha. Ang mga uring ito ng pantakip ng mukha ay hindi na pinapayagan sa ilalim ng inamyendahang ordinansa. At sa ilalim din ng inamyendahang ordinansa, ang mga mask ay maaari lamang tanggalin para sa pagkonsumo ng pagkain o inumin kung ang isang indibidwal ay nakaupo sa isang itinalagang lugar para sa layuning iyon.

Kahit na ang saklaw sa bakuna ay dumadami sa Rehiyon ng Peel, patuloy na nakakakita ang komunidad ng matataas na rate ng transmisyon ng COVID-19 sa komunidad pati na rin ang paglitaw ng mabilis na kumakalat na mga variant na ipinag-aalala. Kailangang patuloy na gawin ng mga residente ang parte nila, lumayo mula sa iba, ugaliin ang mabuting kalinisan, at magsuot ng mga mask para mahinto ang pagkalat.

Para malaman ang mas marami pa tungkol sa wastong paggamit ng mga hindi medikal na mask at iba pang Personal Protective Equipment (PPE), bisitahin ang [peelregion.ca/coronavirus/prevention/#masks](https://peelregion.ca/coronavirus/prevention/#masks)

Available ang karagdagang impormasyon at mga resource para sa mga negosyo at operator ng pasilidad sa [brampton.ca/masks](https://brampton.ca/masks).

Para sa pinakahuling mga update tungkol sa tugon ng Lungsod ng Brampton sa COVID-19, bisitahin ang [brampton.ca/COVID19](https://brampton.ca/COVID19).

-30-

#### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa  
Komunidad  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)